# DE LA SALLE UNIVERSITY

## ANG BAKURAN NG DIYOS ESPIRITU SANTO: PAG-AARAL SA ISANG KILUSANG PANG-ESPIRITUWAL

Isang Tesis
na Inihaharap sa
mga guro ng Departamento ng Behavioral Sciences
Unibersidad ng De La Salle

Bilang Bahagi ng Pagsasakatuparan
ng mga Pangangailangan para sa
Batsilyer ng Sining sa Sosyolohiya at Antropolohiya

ni

Rowena Aileen F. Lagera

Hulyo 1990

0 8 AUG 2002

## PAGBUBUOD

Marami nang pag-aaral ang naisagawa ukol sa mga grupong panrelihiyon, nguni't wala pang pag-aaral tungkol sa "Bakuran ng Diyos Espiritu Santo" (BDES) na matatagpuan sa Barangay Canda Ibaba, Lopez, Quezon. Kaya't ang pag-aaral na ito ay isang pagsasalarawan tungkol sa hanay ng kabuuan ng BDES (layunin, katuruan, mga rituwales at pagsasanay, paniniwala at iba pa) at ang mga datos na nakuha ay sinuri ng mabuti na iniugnay sa mga teoriya nina Turner, Durkheim, Weber, Malinowski, at iba pa. Tinuklas din sa pag-aaral na ito ang mga impluwensiya ng Bakuran ng Diyos Espiritu Santo sa mga indibidwal na kasapi nito, sa kani-kanilang mga angkan at sa pakikitungo sa ibang tao.

Mayroong labing-isang kalahok na nahahati sa 5 uri (liderato, lingkod, apostoles, manggagawa at kaugnay) ang nakapanayam ng malaliman (indepth interview) ng mananaliksik bilang isang pamamaraan ng pagkuha sa mga datos.
Ang ilan pang pamamaraang ginamit sa pagkuha ng mga datos ay ang pakikilahok-masid, pakikisalamuha, pakikisama, at pakiramdam na nakatulong nang malaki sa pagtatamo ng mga kinakailangang datos.

Sa kabilang dako, napag-alaman na ang BDES ay isang organisasyong panrelihiyon na may sariling hanay ng kabuuan (paniniwala, katuruan at iba pa) na pinamumunuan ni Reyna Casiana, bilang "Bibig at Kapangyarihang Taglay ng Diyos". Sa pamamagitan niya, ibinababa ang mga saysay ng Diyos Espiritu Santo na binibigyan ng mahalagang pansin ng mga kasapi.

Samantala, may kaugnayan ang tagal ng paglilingkod sa BDES at ang nakakamit na pagbabago ng mga kalahok.